

1

Ini-adjust ni Nina ang thick-rimmed eyeglasses niyang bumaba na sa kanyang ilong. Kabababa lamang niya ng bus na galing ng Baguio. Ang usapan nila ng pinsang si Miranda ay dito siya susunduin nito sa terminal ng *Victory Liner* sa Pasay. Ngayon lang uli siya nakatuntong ng Maynila. Ang huling pagkakataong naparito siya ay noong namatay ang kanyang mga magulang sa isang car accident. And that was fifteen years ago. Kasama niya ang kanyang lola upang kunin ang bangkay ng mga ito sa funeral parlor.

Naupo siya sa isang bakanteng bench. Halos lahat ng taong nagdaraan ay napapasulyap sa kanya. Sino ba naman ang hindi? Hindi araw-araw na makakakita ng isang dalaga na ayos dekada-sitenta pa ang porma. As always, suot niya ang paborito niyang attire: isang long polo na naka-tuck in sa balloon na palda na halos umabot na sa kanyang sakong ang haba, black socks and black pumps. Ang mahaba niyang buhok ay naka-braid. Sino ang mag-aakala na sa ayos niyang iyon ay beinte-tres años lang siya?

Pero wala siyang pakialam kung maging laughing stock man siya ng buong Kamaynilaan. She was

comfortable dressed that way. Iyon na ang nakalakhan niya mula sa kanyang makalumang lola, na siyang nag-aruga sa kanya magbuhat noong mamatay ang kanyang ama at ina.

“Nina?”

Tumingala siya. “Miranda!” Tumayo siya at tuwang niyakap ang pinsan. Kapatid ng ina nito ang nasira niyang nanay. “Kumusta ka na?”

“Ako, mabuti. Ewan ko lang ikaw!” anito, nakangiwing hinagod ang kanyang kabuuan.

“Why, what’s wrong with me?”

“Sa utak mo, wala. Pero sa katawan mo, marami!” Napakamot ito ng ulo. “Ano ba iyang suot mo? Hanggang ngayon ba’y share pa rin kayo ng wardrobe ni Lola Tisay?”

“Ano ang masama sa suot ko? Malinis naman, eh.”

“Oh, I’m sure, inalmirol mo pa ’yan!” Miranda commented sarcastically. “My God, Nina! Twenty-first century na tayo ngayon. Panahon pa ng Kastila iyang ayos mo. Aba’y mapapagkamalan kang takas sa kumbento niyan! Girl, matagal nang patay si *Maria Clara*, gusto mo pa yatang i-resurrect!”

“Eh, bakit ba? Sa dito ako komportable.”

“Hay!” Nagpapalatak pa rin ito. “Halika na nga, ginutom tuloy ako sa iyo. Alam mo, kapag nagkaroon ng photo contest na ancient relic ang tema, ikaw ang kukunin kong subject. Dapat kina-categorize ka na under endangered species,” natatawang biro nito. Ganoon talaga ito kaprangka. At bata pa sila ay sanay na siya sa pagiging alaskador nito. Pero kahit ganoon ito, si Miranda ang kanyang pinakapaboritong pinsan. Sa lahat ng mga pininsan niya, dito siya pinakamalapit.

“Sobra ka! Ano’ng akala mo sa akin, fossil o tarsier?”

“P’wedeng both?”

Pareho silang nagkatawanan. Nakakapit pa si Miranda sa kanyang braso nang lumulan sila sa kotse nito.

“Ano nga pala ang dahilan at bigla kang napaluwas dito sa Maynila? Buti pinayagan ka ni Lola.”

“Kailangan kong maghanap ng trabaho. Sayang ang tinapos ko kung hindi ko gagamitin.”

Tubong-Pangasinan ang mga nanay nila. Sa Asingan na lumaki si Nina samantalang nang

makapag-asawa ang ina ni Miranda ay pinili nitong sumama sa kabiyak para manirahan dito sa Maynila.

“Naku! Napakahabang diskusyon muna bago niya ako pinayagan. Pero wala rin siyang magagawa, desidido na talaga akong lumuwas dito,” pagbibigay-alam niya.

“Wow! Ibig bang sabihin niyan, nagbago na ang makaluma mong views?”

“Nagiging praktikal lang ako, Miranda. Hindi kami mabubuhay kung titigil lang ako sa bahay. At isa pa, Lola’s a bit old para patuloy pang magtrabaho sa bukid. Kahit paano, gusto ko naman siyang bigyan ng konting ginhawa.”

“Tama lang iyan. Besides, hindi ka na minor.” Humigop muna ito ng soft drink sa baso. Kumakain na sila noon sa *Jollibee*. Nag-aya pa muna kasi siyang magsimba sa Baclaran bago umuwi. “Saan mo balak mag-apply?”

“Hindi ko pa tiyak. I was hoping na baka p’wede mo akong matulungan. Baka may alam ka na p’wede kong apply-an.” Tapos siya ng Business Management.

“Hmm...” Nag-isip ito. “May nabanggit iyong isang friend ko na nangangailangan daw ng executive secretary iyong boss niya. But that was more than a

month ago.”

Lumaylay ang mga balikat ni Nina. Umaasa pa naman siyang madali siyang makakapasok ng trabaho.

“But don’t worry, tatanungin ko uli siya. Baka may bagong open na position. Malaki naman kasi ang company na pinapasukan niya.”

“Sana nga. Konti lang kasi ang baon kong pera. Kung di ako makakahanap agad ng trabaho, mapipilitan akong bumalik ng Pangasinan.”

“Pababayaan ba naman kita? Huwag kang mag-alala, ako’ng bahala.”

Ngumiti siya. Maaasahan niya talaga ang pinsan.

Naglalakad sa pasilyo si Atty. Franco Beltran papunta sa opisina ng boss at matalik na kaibigang si Collin Jacobs nang makasalubong niya ang isang humahagulhol na dalaga. Daig pa nito ang batang inagawan ng candy sa tindi ng pagngawa.

Oh no, not again! Nahilot niya nang di-oras ang kanyang noo.

Ni hindi siya pinansin ng dalagang nakasalubong.

Binilisan niya ang lakad papunta sa opisina ng kaibigan.

“Si Lovella ba iyong nakasalubong kong umiiyak?” bungad kaagad ng abogado pagkapasok sa silid. Nakatayo si Collin sa harap ng malaking bintanang salamin. “For the nth time, you fired your secretary?”

Isang maikling tango ang isinagot ng binata.

“But why? Akala ko ba, efficient siya? Di ba’t ikaw na rin ang nagsabi na baka siya na ang hinahanap mo?”

“I was wrong. Akalain ko bang lalabas din ang totoong kulay niya!”

“What did she do this time?”

“Bukod sa mga palpak na trabaho niya?” Lumakad si Collin palapit sa kausap, halatang iritado siya. “Damn, Franco! She went in here kahit hindi ko tinatawag, locked the door and stripped! Paliligayahin daw niya ako!”

Dahil na-imagine ang katatapos na eksena, hindi nito napigilan ang humagalpak ng tawa. Lalong nagsalubong ang mga kilay niya.

“Sa loob lang ng isang buwan, I lost one prospective investor, missed two important meetings,

my schedule is a mess, parang wala rin akong sekretarya! Aba’y mas madalas pa yatang tumanghod dito sa opisina ko kaysa sa computer niya!” inis na pahayag niya.

“Kasi naman, bawas-bawasan mo ang pagiging guwapo mo,” biro nito sa pikon pa ring binata.

“Kasalanan ko ba na ganito ang hitsura ko? As if naman hiniling ko sa Diyos na gawin akong perpekto.” Walang arrogance sa tono niya. And Collin was right. The man had never been boastful of his physical appearance. Nagkataon lang na biniyayaan siya ng halos perpektong hitsura na di maiwasang mahumaling ang sinumang babaeng makakasama niya.

“So, ano ngayon ang balak mo?”

“Naitawag ko na sa HRD ang request ko.” Pasalampak siyang naupo sa swivel chair. “Damn, Franco! Ang dami ko nang problema, pati ba naman paghahanap ng matinong sekretarya kasama pa?”

“That’s the drawback of being overly handsome. Kung ipinapasa mo na ba sa akin ang kalahati ng charms mo.”

“Kung p’wede nga lang ba.” Napabuntong-hininga siya.

“Kailan ang schedule ng panibagong batch na sasalain mo?” usisa nito.

“Hopefully soon.”

“Ano kaya kung lalaki naman ang i-hire mo?”

Napapantastikuhang tumingin siya rito. “A male secretary? Do you think that will solve my problem?”

Sandaling nag-isip ang abogado bago umiling. “Hmm... mukhang hindi rin. Baka mamaya, mabakla naman sa iyo. Mas lalong malaking problema.”

“Sometimes iniisip ko na baka karma ko na ito sa nangyari sa amin ni Erin.” Napailing siya pagkaalala sa babae.

“Come on, pare, Erin knew her stand right from the start. Alam niyang hindi for keeps ang naging relasyon ninyo. You never lied to her. You didn’t mislead her.”

“Hindi ko na lang sana siya pinatulan.”

“Iniisip mo bang iba sana ang naging ending kung hindi mo siya pinatulan?” tanong nito. Hindi siya umimik. “Pare, the woman was obsessed with you! Kahit hindi ka nag-take advantage, gagawin at gagawin pa rin niya ang ginawa niya because of that obsession.”

May point si Franco. But that didn't stop Collin from wondering. Kung hindi siguro niya in-encourage ang attraction ni Erin sa kanya, hindi manganganib ang buhay niya. At hindi rin ito mamamatay.

He went silent. Erin was once his secretary. She was beautiful and sexy, and obviously attracted to him. Sinamantala niya iyon at nagkaroon sila ng relasyon. Pero una pa lang ay ipinagtapat na niya rito na purely physical lang ang relasyong namamagitan sa kanila. And she accepted his terms.

It was okay for a while, pero naging possessive ito at kahit ang mga empleyado nilang babae ay pinagseselosan. She went over the line nang sampalin nito ang isa niyang kaibigan na humalik sa kanyang pisngi, sa harap mismo ng mga magulang nito na kasama rin niya. Kaagad siyang nakipaghiwalay rito. At kahit anong pakiusap nito ay hindi niya pinakinggan.

Erin stalked him, pero hindi siya nagpaapekto. But she soon became a nuisance. He filed a restraining order against her. He even resorted to bribery. Pero nagpatuloy pa rin ito sa pagsunud-sunod sa kanya. Hindi siya natakot, pero sobra na ang abalang ginagawa nito.

One day, he decided to talk to her seriously.

“Erin, I told you I don’t love you! Alam mo naman ang sitwasyon natin una pa lang. I never lied to you!”

“Wala akong pakialam. Basta mahal kita! At kung hindi ka rin lang magiging akin, mas mabuting di ka rin mapunta sa iba!”

Naalarma siya sa sinabi nito. “What do you mean?”

Noon inilabas ng dalaga ang isang baril at itinutok sa kanya. Tumawa ito nang wala na sa katinuan.

“Dalawang bala lang ang laman nito, Collin. Isa para sa iyo at isa para sa akin. You see, hanggang sa kamatayan ay hindi kita pakakawalan. Sa akin ka lang!”

“Are you crazy?”

Kung hindi lang seryoso ang sitwasyon ay matatawa siya sa tanong niya. Of course she was crazy! May matinong tao ba ang tututok ng baril sa kapwa niya?

“Erin, don’t do something stupid!”

Tumawa ito nang mapakla at pagkatapos ay umiyak. Wala na talaga ito sa tamang pag-iisip. “I already did! I fell in love with you!”

Iniumang nito ang baril at ipinutok. Kahit sinubukan niyang umiwas ay tinamaan pa rin si Collin sa dibdib. Nakatawag-pansin sa isang nagrorondang police mobile ang putok ng baril. Rumesponde ito sa kanila. At dahil nakatutok pa rin sa kanya ang baril ni Erin, inakala ng mga pulis na muli siyang babarilin nito. One of them fired at her. Walang buhay itong bumulagta sa konkretong sahig.

He spent three months recuperating in the hospital. The bullet missed his heart by only an inch. Sa kabutihang-palad ay wala rin itong tinamaang vital nerve at blood vessel.

Napakalaking abala talaga ang idinulot ng affair niya kay Erin. Kahit ang mga magulang niyang nananahimik na sa Italy ay napauwi nang di-oras sa Pilipinas. Magmula noon ay nagkaroon na siya ng allergy sa mga sexy at magagandang sekretarya.

At mukhang curse na ni Collin ang mga sekretaryang pirmi na lang ay na-i-in love sa kanya, no matter how professional he treated them. Ang akala niya ay okay na iyong huli. Sa unang mga araw ay matino ito. Pero nang lumaon ay napuna niyang napapadalas na ang panakaw na sulyap nito sa kanya. Hanggang sa tuluyan na nitong ilabas ang tunay na damdamin sa kanya. Iyon ngang eksena

The Other Side Of Nina - Doreen Laroya

bago dumating si Franco ang naging sukdulan. He fired her that instant.

Huwag sanang maulit ang ginawa ni Erin, dasal na lang niya.

2

“Hello?”

“Sir Collin, narito na po iyong mga applicants na pumasa sa exam.”

“Papasukin mo sila sa loob ng conference room.”

“Sige po.”

Nang nagdaang araw pa ibinigay ng taga-HRD ang resumés ng mga aplikante para sa posisyon ng executive secretary. Nabasa na niya ang ilan.

Ini-dial niya ang extension number ng kaibigan.

“Franco, meet me at the annex of the conference room.”

Hindi na niya hinintay ang sagot nito, binitbit na niya ang folder na naglalaman ng resumés at nagtungo sa silid na kanugnog ng conference room.

May rason kaya roon niya pinapunta ang mga aplikante. Ang annex room kasi na kinaroroonan niya ay may malaking one-way mirror. Nakikita ni Collin ang ang mga taong nasa loob ng conference room, pero hindi siya nakikita ng mga ito.

Nakaupo na ang lahat ng aplikante roon at matiyagang naghihintay. Most of them were in their best corporate attires except for one.

Nakahiwalay ito sa karamihan. Nakasuot ito ng long-sleeved polo, straight black skirt na lagpas tuhod, black leggings at low-heeled pumps. Neatly twisted ang buhok nito at nakasuot din ng makapal na salamin.

“What’s up?”

Sandali niyang nilingon ang pumasok na kaibigan.

“Iyan na ba ang mga prospective secretaries mo?” tanong nito na tumabi sa kanya. Para silang nanonood ng isang police interrogation o kaya ay binibistahan ang possible suspect sa isang police line-up.

“Ano’ng masasabi mo sa isang iyon?” he pointed out to the girl in black.

“That one? Seriously?” di-makapaniwalang baling ni Franco sa kanya. “Collin, ano ba itong binabalak mo?”

Sa halip na sumagot ay hinanap niya sa file ang resume ng babaeng itinuro sa kaibigan.

“Karenina Valdez, twenty-three years old,

Business Management graduate.”

“That’s it? May work experience na ba siya?”

He flipped over her two-page resume. “Walang nakalagay.”

“So inexperienced pa siya.” Franco commented dryly.

“Ano naman ang masama? She has to start somewhere.”

“Teka nga, Collin, huwag mong sabihin na siya na ang kukunin mo?”

“What’s wrong with her? Above average ang nakuha niyang score sa exam. Computer literate din siya.”

“Collin, tingnan mo ang hitsura niya. Para siyang manang!” Napangiwi pa ito.

“Kaya nga gusto ko siya. Hindi siya katulad ng iba.”

“What makes you so sure? Hindi porque’t ganyan ang ayos niya, eh, immune na siya sa *E virus!*”

E virus as in *Erin virus*. Ito ang term ni Franco sa pagkahumaling ng mga sekretarya niya sa kanya. The first time he said that, gusto niya itong sapakin.

Nakikita pa nito ang humor sa sitwasyon niya.

“Malay mo kung disguise lang niya iyan.”

Doon siya natawa. “Franco, who will want to disguise herself like that when applying for a job? Kung sa ibang kompanya, baka sa lobby pa lang, harangin na iyan ng guwardya.”

Umiling ito. “I’m still not sure about this.”

“Ako rin naman, kaya nga pinapunta kita dito. Let’s give them a test?”

“Test? Anong klaseng test?”

“Pumasok ka sa loob. Kausapin mo sila,” utos niya.

Nagsalubong ang mga kilay nito. “At ano naman ang sasabihin ko sa kanila?”

“Kahit ano. Mag-improvise ka na lang. Pretend na you’re giving them a little background about the company.”

“Tapos? What exactly do you want to accomplish here?”

“Gusto kong makita kung ano ang magiging reaction nila toward you. Kung sa iyo pa lang, mai-starstruck na sila, then malaki ang possibility na

gan'on din ang magiging reaction nila sa akin."

Guwapo rin kasi si Franco. Kung tutuusin ay hindi sila nagkakalayo sa hitsura. Nagkaroon lang ng advantage sa parte ni Collin dahil siya ang presidente ng kompanya.

"At tatanggalin mo kung sino ang obvious na hahanga sa akin." Tumangu-tango pa ito. "Parang nakuha ko na. Sige." Tinungo na nito ang pinto. "Wish me luck!" Lumabas na ito. At ilang segundo lang ay nakita na niyang pumasok ito sa kabilang silid.

The moment Franco entered, parang may nagdaang anghel sa loob ng silid. All eyes flew to him. Karamihan ng mga babaeng naroon ay napasinghap pagkakita sa kaibigan niya, tumuwid ng upo, at inayos ang mga nagusot na damit. Half of the women crossed their legs in a subtle attempt to show some skin. The other half had sheepish smiles on their faces to hide their fascination. Lahat ng naroon ay halatang enthralled sa kanyang kaibigan. All except one.

The girl in black simply adjusted her glasses, took a small notebook from her bag and waited. Nakatunganga ang ibang babae habang nagsasalita si Franco samantalang ito ay panay ang sulat sa notebook na hawak, probably taking notes about his subject.

Siya na nga.

Kinuha niya ang cellphone at tinawagan ang kaibigan. Habang kinakausap niya ito ay nakatingin ito sa kanya. Ito lamang ang nakakaalam na naroon siya. When he glanced at the lady in black again, she was staring at him, or at the mirror. Nakakunot ang noo nito.

Matapos magsalita sa harap nila si Atty. Beltran ay isa-isa nang tinawag ang mga kasama niyang aplikante. Kinabahan si Nina dahil umpisa na ng interview. Sana lang ay makalusot siya. Kailangang-kailangan niya talaga ang trabahong ito.

Nang nakaraang araw ay sinabi sa kanya ni Miranda na open uli ang hiring para sa posisyon ng executive secretary rito sa *CMJ International Airways*. Bitbit ang kanyang resumé ay maaga siyang nagpunta rito para mag-apply. Naalala pa nga niya kung paano siyang tinitigan ng lady guard mula ulo hanggang paa kaninang nagtanong siya rito.

May dahilan naman pala kaya ito nagtaka. Pagpasok kasi niya sa waiting room kung saan naghihintay rin ang ibang aplikante ay nakita niya kung gaano siya naging kakaiba.

Nagseseksihan sa suot ang mga ito. May mga nakasuot ng miniskirt na lumagpas lang nang kaunti sa kuyukot ang haba. Karamihan din sa mga kasama niya ay mapuputi at magaganda. Samantalang siya, bukod sa makaluma na ang suot, ay wala pang kaarte-arte sa katawan. Tanging pulbos lang at pink lipstick ang inilagay niya sa mukha. Parang noon lang niya napagtanto ang posibleng maging disadvantage ng pagiging conservative niya.

Mabuti na lamang at kahit nabawasan ang confidence ni Nina sa sarili ay sinuwerte siyang makapasa sa written exam at makaungos para sa interview. Ngayon naman ay pinoproblema niya kung paano ma-i-impress ang interviewer. Kung paano niya ito makukumbinsi na hindi nakikita sa pisikal na hitsura ang intellectual na galing ng isang tao.

Nasa ganoon siyang pag-iisip nang tawagin ang kanyang pangalan. Napaligon siya sa paligid niya. Siya na lamang pala ang natira roon.

“Please follow me, Miss Valdez,” sabi ng clerk na tumawag sa kanya.

Sumunod siya sa babae. Makalabas ng conference room ay kumanan sila sa isang mahabang pasilyo. Sa pinakadulong pinto na may nakasulat na *Office of the President* ay tumigil ito at kumatok. She heard the

click of an automatic door lock. Nang bumukas ang pinto ay pinapasok na siya ng kasama niya.

Ang opisina ng napasukan niya ay walang dudang magarbo. May isang extended corner desk na pinagpapatungan ng isang kompletong computer set-up, isang tall bookshelf ang nasa kanyang kanan, dalawang file cabinets at isang maliit na corner table ang magkakatabi sa dingding na nasa harap niya, all made of expensive mahogany wood. Sa kaliwa niya ay isa pang pinto, katabi ang isang mahabang leather lounge chair. Sa itaas niyon ay isang malapad na salamin na katulad ng nasa conference room.

“Sandali lang.” Pumasok ang babae sa pinto sa kaliwa. Ilang sandali lang ay muli itong lumabas. “P’wede ka nang pumasok,” anito. Tumango si Nina at ngumiti bilang acknowledgement. Nang lumabas na ito ng silid ay saka siya pumasok sa pintong nilabasan nito.

Pagpasok niya ay isang lalaki ang nakita niyang nakaupo sa executive desk. Nagsusulat ito.

“Please sit down, Miss Valdez,” anito na hindi man lang siya tiningnan. Naupo siya sa isang reception chair na nasa harap ng mesa nito. Without raising his head, he glanced at her and smiled.

“Could you bear with me for a few seconds? Tatapusin ko lang ito.”

“Okay lang po, Sir. Take your time.”

Shit! Mabuti na lang at hindi nanginig ang boses ni Nina. Mabuti na lang din at nakaupo siya. Bigla kasing nangalog ang mga tuhod niya nang marinig ang masculine voice nito.

And his eyes!

Damn!

Kung hindi siya nakapagpigil ay baka napatili siya sa kilig.

Ano ba, Nina? Maghunas-dili ka! Trabaho ang kailangan mo dito, hindi lalaking pagpapantasyahan!

Hindi niya maintindihan ang sarili. Kung kanina ay hindi man lang siya nag-swoon nang pumasok sa conference room si Atty. Beltran, na kung tutuusin ay mas guwapo pa sa binatang kaharap niya ngayon. Bakit dito ay daig pa niya ang nakaupo sa isang kumukulong kawa? Hindi siya mapakali.

“What do you think of me?” biglang tanong nito.

“Pardon?”

Noon natapos magsulat ang binata. Tumuwid

ito ng upo. Lalo niyang nabistahan ang mukha nito. Maputi ito, deep-set ang mga mata at matangos ang ilong, mangasul-ngasul pa ang clean shaven jaw at ang mga labi ay mas likas pa ang pagkapula kaysa sa kanya. Clean cut ang tabas ng buhok nito. Sa suot nitong white polo na bukas ang ilang butones ay nasisilip niya ang matipunong dibdib nito with its speckle of fine hairs. Nakaupo ito ngunit sigurado siyang matangkad itong lalaki.

“Kanina mo pa ako tinititigan. Ano ba ang impression mo sa akin?”

Nangunot ang noo niya. Kasama ba sa interview niya iyon? At bakit kung magsalita ito ay pagalit? Hindi naman ito mukhang suplado kanina.

“Kung attracted ka sa akin, sabihin mo lang habang maaga.”

Lalong nagsalubong ang mga kilay niya. The nerve! Ano ang gusto nitong palabasin?

“Kailangan ko ang isang sekretaryang gagawin ang trabaho niya, hindi ang maghapong tatanga at tititigan ako. I’ve had enough of flirty, sex-crazed secretaries!”

At isa na siyang flirty, sex-crazed secretary dahil lang humanga siya sa pisikal nitong anyo?

Pakiramdam ni Nina ay tumaas ang presyon ng dugo niya.

“Have you ever heard of the word ‘admiration?’”

Tumaas ang isang kilay nito.

“Sa Tagalog, it means paghanga. While attraction, on the other hand, means pagkahalina. So you see, I may admire you but it doesn’t mean I’m attracted to you.” Hindi ito nag-react. “And even if I’m attracted to you a while ago, hindi na ngayon.”

“What do you mean?”

“Tinatanong mo kanina kung ano ang tingin ko sa iyo. Well, you’re a pompous, egotistic pig! Not because you sit there, thinking you’re the most physically gifted amongst the male species, iniisip mo nang attracted sa iyo ang lahat ng babae! Well, you thought wrong! Kung wala pang nagsasabi sa iyo na pangit ka dahil pangit ang ugali mo, ngayon mayr’on na!”

Gumalaw ang mga bagang ng binata. At biglang naisip ni Nina kung ano ba ang sinabi niya. Hindi pa man siya natatanggap ay sinasagot na niya ang boss! Parang gusto niyang pagsisihan ang pagiging impulsive.

Siya naman kasi ang nagsimula.

Nakasimangot siyang tumahimik sa pagkakaupo. Ni hindi niya ito tinitingnan. Kung sasabihin nitong wala siyang tsansang matanggap, baka bumunghalit siya ng iyak.

May ilang minutong hindi ito sumagot. Mukhang wala na siyang pag-asa. Malungkot siyang bumuntong-hininga at tumayo.

“Saan ka pupunta? Hindi pa kita dini-dismiss,” narinig niyang sabi ni Collin. “Sit down, Miss Valdez. Hindi pa tayo tapos mag-usap.” She reluctantly sat down again.

“Hindi ko intensyong insultuhin ka. But you have to understand na totoo ang sinabi ko, not because I’m a pompous ass who thinks I’m God’s gift to women. I have this tendency to attract women without even trying at hindi iyon pagyayabang. The reason kung bakit walang tumagal na sekretarya ko’y because they made the mistake of falling for me. And I won’t tolerate it. Ayoko nang maulit ang nangyari noon.”

May nangyari noon? I wonder what?

“I value professionalism, Miss Valdez. Propesyonal ka bang tao?”

The Other Side Of Nina - Doreen Laroya

Iba ang pakahulugan ni Nina sa tanong nito. Para bang tinatanong siya kung puwede siyang ma-in love dito. Kung ganoon, ibibigay niya rito ang gusto nitong sagot.

“I’m a professional, Sir. At kung anuman ang ginawa ng mga naging sekretarya ninyo before, I assure you na ni hindi iyon papasok sa isip ko. I came here because I need a job, not because I’m looking for a boyfriend or someone to fantasize about.”

Mukhang nasiyahan ito sa sagot niya dahil malapad ang pagkakangiti nito.

“Good! Aasahan ko iyang sinabi mo.”

“You mean...?”

“You’re hired! P’wede ka nang magsimula bukas.”

Napanganga siya. Ilang sandali pa ang dumaan bago nag-sink in sa kanya ang sinabi nito.

3

Nagising siya sa isang di-pamilyar na ingay sa labas ng kanyang silid. Tumayo si Nina para mag-imbestiga. When she flipped the light switch, hindi iyon gumana.

Strange! Nagsimula na siyang kabahan. Madilim ang buong silid niya. Walang katiting na liwanag na pumapasok sa bukas na bintana.

Nagsimula siyang maglakad nang mabuksan niya ang pinto. Her bare feet landed on soft grass. Bakit nagkaroon ng damo sa sala? Lalo siyang nagtaka.

Habang naglalakad siya ay unti-unting naaambunan ng liwanag ng buwan ang kanyang paligid. Nasa loob siya ng isang gubat! Umihip ang panggabing hangin at nakaramdam siya ng ginaw. It was then that she realized she was naked. Ni wala siya talagang suot kahit undies.

Bumaling siya pabalik sa pinanggalingan, ngunit laking gulat niya nang makitang wala na ang pintong kanyang nilabasan.

Where am I? Nagsisimula na siyang mag-panic.

Nakarinig siya ng papalapit na mga yabag ng

kabayo. Lalo siyang kinabahan. Baka mga rapists iyon! Bakit kasi wala siyang suot? Hindi naman niya ugali ang matulog nang nakahubad! At nasaan na ba ang kuwarto niya? Bakit biglang nawala?

Sinubukan niyang tumakbo pero ayaw makisama ng kanyang mga paa. Parang nabaon na iyon sa tinatapakan niyang lupa. Palapit nang palapit ang mga yabag. Napapikit na lang siya at tinakpan ng mga palad ang maseselang bahagi ng katawan niya. Why couldn't she even crouch down? May problema na ba ang spinal cord niya?

She heard a horse's neigh. Idinilat niya ang isang mata upang silipin ang estranghero. Nakasakay pa rin ito sa kabayo, nakasuot ng isang hooded cape. Hindi niya makita ang mukha nito dahil nakatalikod ito sa buwan na siyang light source nila.

Alam niyang nakatitig ito sa kanya. Dama niya ang init ng mga mata nito. And unconsciously, her body tingled with what seemed like liquid heat flowing from her breast down to her core.

Nakita niyang bumaba ito sa kabayo. Wala siyang duda na lalaki ito.

The stranger stopped just an arm's length away. Hinubad nito ang kapang suot. Hindi pa rin niya

The Other Side Of Nina - Doreen Laroya

makita ang mukha nito, pero nagulat si Nina nang makitang wala rin itong saplot. Nangingintab ang bahagi ng katawan nito na natatamaan ng sinag ng buwan. His lithe, muscular body excited her. Para itong nabuhay na estatwa ng isang sinaunang diyos. Maybe he was the god of the forest, who came to punish her for trespassing.

Nanatiling nakatitig sa kanya ang binata. She wasn't sure what came over her. Parang nag-cast ito ng isang spell sa kanya that made her body move on its own accord. Her hands went to her sides, exposing her most intimate parts. Tumututol ang kanyang isip, her heart drummed wildly, but she was totally helpless, powerless against his magnificent and unknown strength.

When he moved closer, she could not even blink. One calloused hand caressed her cheek, then down to her neck. Her breast, now fully aware of the stranger's hand, ached to be touched. She involuntarily groaned when he answered her silent plea. His palm kneaded the sensitized mounds, fingers twirled at the swollen peaks.

She was now on fire! Gumigitil na ang pawis sa kanyang noo. Gusto niya itong pigilan. Natatakot siya sa nararamdaman. It was all too alien to her! Pero hindi nga siya makakilos. Ang tanging nagagawa lang niya ay ang sundan ng tingin ang bawat gawin ng

kamay nito.

Namilog ang kanyang mga mata and she gasped when his hand trailed downward, toward the inner V of her thighs.

Stop! she screamed in her mind.

Too late, his fingers were already there, playing, teasing until she could not take it any longer.

“P-please...” sa unang pagkakataon ay nagawa niyang magsalita. Ni hindi niya alam kung ano ang ipinakiusap niya, kung bakit siya nakikiusap gayong ito ang nananamantala. But she wanted release! And she wanted it badly!

Tuluyan na siyang niyakap ng estranghero. She could feel his arousal and his need which matched her own. One finger tipped her face and his head went down. Hindi niya alam kung paanong nagbago ang posisyon ng buwan. Malinaw na tumama sa buong mukha nito ang liwanag.

Nanlaki ang mga mata niya. “Collin?”

Pabalikwas siyang bumangon sa kama. Humihingal na tumayo si Nina at lumabas. Pumunta siya sa kusina upang uminom ng tubig.

Tuyung-tuyo ang kanyang lalamunan, and damn! She felt so hot! Basa rin siya ng pawis. And her panties felt... wet, too!

Oh God, ano na'ng nangyayari sa akin?

Parang gusto na niyang maiyak. May psychological disorder na ba siya? May sakit na ba siya sa utak? Why was she having those dreams?

Ilang gabi na ba niyang napapanaginipan si Collin? The first time ay nasa beach sila. He came out of the waters as majestically as Poseidon. Walang babala itong lumapit at basta na lang siya hinalikan sa labi. May isang pagkakataon pang napanaginipan niyang sila ay nagtatalik. Pero kaagad siyang nagising nang aktong pag-iisahin na nito ang kanilang mga katawan. Ngayon lang nangyaring nagkaroon siya ng erotic dreams! At laging si Collin ang partner niya. And what's more strange was that she vividly remembered everything. Kung paano siyang hagkan nito, kung paano nito damhin ang kanyang katawan. At ito lang katatapos na panaginip niya, she swear she felt his fingers inside her! It all seemed so real!

Napaungol siya. Hindi na niya maintindihan ang nangyayari sa sarili.

Dalawang linggo na ang nakakaraan mula nang

mag-umpisa siyang magtrabaho bilang sekretarya ni Collin. Purely businesslike ang relasyon nilang dalawa, katulad ng kanyang ipinangako rito. Although inwardly, naroon pa rin ang admiration niya sa binata. Admiration, hindi attraction.

For her, admiring someone is entirely different from being attracted to that someone. Para sa kanya, ang paghanga sa isang tao ay hindi lang nag-uugat sa kagandahang panlabas. And there was a lot to be admired in Collin. Matalino ito, makatao, at isang mabuting kaibigan. Masaya rin itong kasama at very refreshing kausap. And he was a very considerate boss.

Natuklasan niya iyon nang minsang utusan siya nitong magbigay ng five thousand pesos sa isa sa mga janitors na naglilinis sa opisina nito, dahil nalaman ng binata na kapapanganak lang ng misis nito. Hindi nakapagtataakang marami ang nagkakagusto sa kanyang boss. Kahit siya ma'y hindi imposibleng mahulog ang loob dito kung ganoong hindi lang ito guwapo, may puso rin ito sa maliliit na empleyado.

Teka! Is that it? Nahuhulog na ba ang loob niya kay Collin kaya niya ito napapanaginipan palagi?

Masama ito! Hindi siya puwedeng ma-in love sa binatang amo. Iyon ang kabilin-bilinan nito sa kanya

bago siya nito tanggapin sa trabaho. At di nga ba't nag-abala pa itong maglagay ng addendum clause sa kanyang kontrata, which states that he will exercise the liberty of terminating her, if and when there is an indication of any form of amorous behavior on her part, toward him.

Nakakatuwa ngunit totoo. Ganoon ito kaseryoso nang sabihin nito sa kanyang sawa na ito sa mga flirtatious secretaries.

Kung talagang nagkakagusto na siya rito ay hindi niya iyon maaaring ipahalata. Napamahal na sa kanya ang kanyang trabaho at gusto niyang magtagal sa *CMJ*. Paano na ngayon? Titiisin na lang niya hanggang sa kung kailan kusang tumigil ang kanyang mga erotic dreams?

Damn! Kailangan niyang bumili ng panibagong set ng cotton undies.

“Mukhang hindi ka nakatulog nang maayos,” puna ni Miranda kinabukasan habang kumakain sila ng agahan. Mabuti na lang at Sunday. Wala siyang pasok kaya hindi niya kailangang magising nang maaga.

“Baka naman may problema ka, Nina? P’wede

mong sabihin sa amin.” Ang isa pang pinsan niyang si Adie ang nagsalita. Katulad niya ay nakitira lang din ito kay Miranda. Nasa Carmona, Cavite ang mga magulang nito.

Tinitigan niya ang dalawa. Hindi siya makapagpasya kung sasabihin sa mga ito ang kanyang problema. Para kasi sa kanya ay isa iyong kahiyahiyang bagay, considering the kind of upbringing she had.

Tipid siyang ngumiti. “N-no, ayos lang ako. Wala akong problema.”

Nagkasulyapan ang dalawa. “Sigurado ka?” ani Miranda.

“Baka nahihiya ka lang sa amin,” segunda ni Adie.

Inatake na naman siya ng pagdadalawang-isip. Gusto na talaga niyang magtapat pero nauunahan siya ng hiya. Isipin pa lang ang magiging reaksyon ng mga ito ay pinamulahan na siya ng mukha.

“H-hindi. W-wala talaga.”

Nagkibit-balikat si Miranda. “Okay. Sabi mo, eh. Sino ba kami para manghimasok. Kaya lang, ikaw rin. Maraming nasisiraan ng ulo dahil sinasarili ang

problema.”

Bigla siyang kinabahan. Mas gugustuhin na niyang maging kahiya-hiya sa dalawang pinsan kaysa ang mapasok sa mental hospital isang araw. Baka nga may maitulong ang mga ito sa gumugulo sa kanya. At saka mga pinsan niya ang mga ito. Hindi naman siguro ipagkakalat ng mga ito ang sasabihin niya.

“T-talaga bang okay lang na sabihin ko sa inyo? H-hindi ninyo ipagsasabi?”

“Oo naman!” sabay pang sagot ng dalawa.

Huminga muna siya nang malalim. “O-okay. Actually... I’ve been having these dreams...” Attentive na nakatingin ang mga ito sa kanya. “Wild dreams... erotic dreams.” Sabay pang pinanlakihan ng mata ang dalawa. “About Collin.”

“Ano!” puno ng pagkagulat na reaksiyon ng mga ito.

“Teka, teka. Parang di ko maintindihan. Di ba ‘Collin’ ang pangalan ng boss mo?” tanong ni Miranda na tinanguan niya. Hindi siya makatingin nang derecho sa mga mata nito. “And you’ve been having erotic dreams about him?” Again, she nodded.

“Natatandaan mo ang mga dreams mo?” tanong

ni Adie.

“Iyon nga ang problema ko. I remember every detail.”

“Like?”

Ikinuwento niya sa dalawa ang mga naging panaginip niya. Wala siyang inilihim na detalye. Tulala ang mga ito nang matapos siya.

“I need a drink!” ani Adie na sinegundahan ni Miranda. Muntik nang maubos ng dalawa ang lamang tubig ng 1.5 litrong pitsel nila. Kung hindi lamang siya ang dahilan ay baka natawa pa siya sa katawatawang sitwasyon nila.

“Nina...”

“I know! I know! It’s so unlike me. Kahit ako’y nagtataka rin sa sarili ko. Ngayon lang nangyari sa akin ang ganito.”

“Tell us, naka-experience ka na bang manood ng x-rated movies?”

“Hindi, ah! Bakit naman ako manonood ng ganoon?”

“Ay, oo nga pala. Conservative ka,” saad ni Adie. “That means you’ve never been sexually stimulated

before.”

Nagdududang tinitigan niya ang dalawang pinsan. “Kayo bang dalawa... I mean... are you...?”

Kapwa natawa ang mga ito. “Ano ka ba, Nina. Hindi naman porque’t nakaranas ng sexual stimulation o ng orgasm ang isang babae’y hindi na siya virgin. And it’s a very normal thing. P’wede mo iyong maranasan even without actual sexual contact, at kahit hindi deliberate,” litanya ni Miranda. “Tell me, ano ba ang naramdaman mo sa mga panaginip mo? Didn’t you get... excited? Wet?”

Nahihiyang nagyuko siya ng ulo. “I... I did.”

“See? Sexual stimulation and/or orgasm may happen even when people are asleep. Like I said, it’s natural.”

“So ano’ng gagawin ko? I can’t go on like this!”

“Ang malaking tanong ay kung bakit si Collin ang pinagpapantasyahan mo. May gusto ka ba sa iyong boss?”

“Parang ganoon na nga.”

“Hindi ka sigurado?”

“I’m not sure!” Naiinis na naitaas ni Nina ang

dalawang kamay. She was desperate for an answer, for a cure. Had she already contracted the *E virus*? “Ang alam ko lang, hanga ako sa galing niya, sa hitsura niya. Hindi ko alam kung gusto ko na siya o kung mahal ko na! Ang isa pang problema’y hindi ko p’wedeng ipahalata sa kanya kung anuman ang damdamin ko.”

“At bakit?” kunot-noong tanong ni Miranda.

“Dahil bawal. Strictly forbidden! Kasama iyon sa kontrata ko. Matatanggal ako sa trabaho kapag na-in love ako sa boss ko.”

“But that’s completely absurd!”

Patango-tangong sumang-ayon ni Adie. Kapwa sila natahimik nang may ilang minuto.

“You need an outlet,” Adie said.

“Outlet?” she and Miranda asked in unison.

“I think you’re suffering from psychological repression. Since hindi mo magawang i-express ang feelings mo kay Collin dahil natatakot kang matanggal sa trabaho, hence, your dreams. Parang lahat ng pent-up desires mo ay naimbak na lang sa iyong subconscious mind. Ang mga nangyayari sa panaginip mo’y ang mismong inaasam mong mangyari

sa pagitan ninyo ni Collin sa totoong buhay.”

Napasinghap siya. Ganoon na siya kalala? Definitely, nahawa na nga siya ng *E virus*!

“Ang galing, ah!” palatak ni Miranda na nakipag-high-five pa sa pinsan. “Since when did you become a psychologist?” pabirong tanong nito.

“Hello! Available po ang info na ’yan sa *Wikipedia*,” nakatawang sagot nito.

Sa kanilang tatlo, si Nina lang ang balisa.

“So, ano na ang gagawin ko?”

“Like I’ve said, kailangan mo ng outlet.”

“Outlet? For my desires?” Parang hindik na hindik siya sa idea.

“Oo.”

“Tbig mong sabihin, kailangan kong makipag... s-sex?” Ano ba itong nangyayari sa kanya? Seryoso ba talaga si Adie? Parang gusto na niyang maiyak.

“Not exactly. Although parang mas masarap iyong option na iyon,” biro nito. Tinapik ito sa balikat ni Miranda. “Seriously, kailangan mo lang sigurong maranasan ang mga nararanasan ng mga normal na babaeng ka-age natin, like having a boyfriend. The

physical intimacy could help. Nasa iyo na nga lang ang desisyon on how far you will go with the intimacy thing.”

May point si Adie. Beinte-tres años na siya pero ni ang magkaroon ng manliligaw ay hindi pa niya naranasan. Ang mga naging kababata niya ay nagbibilang na ng anak sa probinsya.

Parang ngayon niya gustong pagsisihan ang pagiging sobrang masunurin niya sa kanyang lola. Lumaki siyang hindi normal, na para bang isinilang siya sa maling dekada.

“Paano naman magkakaroon ng boyfriend si Nina, Adie?”

“Socialize, my dear! ’Ika nga ng kasabihan, hindi p’wedeng maghintay ka lang ng lalandi sa iyo. Paminsan-minsan, kailangan mo ring lumandi.”

“Naku! Kung gusto nating magkaroon ng boyfriend iyang si Nina, kailangang baguhin natin ang style niya,” ani Miranda.

“Baguhin ang style ko? Hindi p’wede! Magtataka si Collin kapag nag-iba ako ng ayos!”

“Ay, oo nga pala.” Nag-isip ito. “Ano kaya kung gumawa ka ng isa pang personality? Someone

modern and sexy?”

“Oo nga! Tama si Miranda! You can be the old-fashioned Nina by day, and the sexy and sultry Karen by night!”

Napalunok siya. “E-ewan ko. P-parang natatakot ako sa idea n’yo.”

Miranda punched her playfully on the shoulder. “Ano ka ba, Nina? Hindi mo kailangang matakot dahil hindi ka naman namin pababayaang.”

“K-kahit na.”

“Hay naku! Isang tanong, isang sagot. Gusto o ayaw?”

“P-pero...”

“Oo o hindi?”

Wala na siyang choice. Tumango siya.

“Good!” pumapalakpak na sabi ni Adie.

Nilapitan siya ng dalawang pinsan at niyakap. “Huwag kang mag-alala, cousin! Kami ang bahala sa iyo. Promise, when the transformation is over, hindi mo makikilala ang sarili mo. Malay mo, si Collin pa ang bigla mong mabingwit.”

The Other Side Of Nina - Doreen Laroya

Hindi na kumibo si Nina. But a big part of her felt enthusiastic, lalo na nang banggitin ni Miranda ang pangalan ni Collin. Kahit kinakabahan pa rin ay nagawa na niyang ngumiti. Anything can happen.